



MAGHANDA PARA SA PAGMAMANEHO HABANG PANAHON NG WINTER (TAGLAMIG)



I-double check ang mga balita sa lagay ng panahon at mga ulat ng trapiko habang may mga bagyo kapag winter (taglamig). Ang mga patnubay na ito ay makakatulong sa iyong makapaghandanda bago umalis sa iyong mga pagbiyahe.

Pag-aayos ng Sasakyan para sa Winter (Taglamig)

- Bago lumalala pa ang lagay ng panahon, tiyakin na ang iyong sasakyan ay mainam na naayos at napangalagaan. Tiyaikin na ang mga electrical system (elektriko na mga sistema), mga preno, baterya, ilaw, wiper ng windshield, antifreeze at pampainit at pampalamig na mga sistema ay mainam na gumagana.
- Tingnan ang iyong mga gulong - lubos na mahalaga ang mga ito. Panatilihin may sapat na hangin ang mga gulong at tiyakin na angkop ang paglapat nito sa daanan. Maagang magplano - ang mga dealer ng gulong ay pinakamaraming ginagawa bago at habang may mga bagyo kapag winter.
- Gamitin ang Take Winter By Storm Checklist para maghandanda sa isang emergency kit (kagamitan para sa emerhensiya) para sa sasakyan, kasama ang radyo, plaslayt, dagdag na mga baterya, isang first-aid kit (pangunahing lunas na kagamitan), impormasyon ng emerhensiya na kontak, tubig at hindi napapanis na pagkain. Maaari mong mahanap ang detalyadong listahan sa TakeWinterByStorm.org.
- I-tsek muli ang iyong sasakyan para sa mga kagamitan para sa pagbiyahe kapag panahon ng taglamig tulad ng dagdag na makakapal na damit, kumot, maliit na pala, buhangin o hindi namumuo na (kalat), mga pang-emerhensiya na flare, mga pantanggal ng yelo (de-ice) na materyal, mga kadena para sa gulong, at ice scraper (pangkaskas ng yelo).
- Habang bumabagsak ang temperatura, panatilihin halos kalahating puno ang iyong tangke ng gas; ang extra na gas ay nakakatulong na mabawasan ang kondensasyon na maaaring maharag sa daanan ng gasulina mo ng yelo at matirik ang iyong makina sa malamig na panahon.
- Siguraduhin na ang iyong sasakyan ay ganap na napapanahon sa regular na naka-iskedyul na pagpapanatili para maiwasan ang mahal na mga pag-aayos dito, at mapanatili ang pinakamahusay na pagtitipid sa gas.
- Magdala ng mga kadena ng hulong at i-double check ang mga ito na maayos na makakabit sa mga gulong ng iyong sasakyan.

Mga Karagdagang Bagay na Dapat Ilagay sa Iyong Sasakyan*

- Naiinom na Tubig
 - Apat na 16oz na bote kada tao kada araw (madalas na palitan)
- Hindi napapanis na Pagkain
 - Madaling buksan na mga snak bar, trail mix, crackers
- First aid kit (pangunahing lunas na mga gamit), kasama na ang mga personal na gamot
- Plaslayt at dagdag na mga baterya
- Emergency Contact Card (Kard ng Contact sa kaganapan ng Emergency)
 - Lalagyan na may impormasyon ukol sa insurance ng sasakyan
- Panlamig na damit para sa bawat bumibiyahe
 - Magbitbit ng mga dyaket, boots (botas), sumbrero, guwantes at/o mga scarf para sa bawat bumibiyahe – anumang bagay na mapapanatili silang mainit kapag kinakailangan nilang bumaba mula sa sasakyan
- Isang sipol para isenyas ang paghingi ng tulong
- Mga pampainit ng kamay
- Mga kumot para sa bawat bumibiyahe
- Mga kagamitang pang-ulan
- Mga emerhensiya na mga flares at maliwanag na senyales para sa trapiko para sa tabi ng kalye (cone, triangle)
- Safety beacon/flashing light (kumikislap na ilaw)
- Tool kit (mga kasangkapan)
 - Magsama ng mga adjustable (madaling i-akma) na liyabe, screw driver (distornilyador) na may madalingi-akma na parte (flat, square, Phillips), martilyo, lubid panghila, duck tape
- De-icer (pampatunaw ng yelo) para sa mga sasakyan
- Ice scraper/brush (pangkaskas ng yelo)
- Jumper na mga kable
- Maliit na pala at mga pantulong sa traksyon (buhangin, hindi namumuong litter (kalat), mga kadena)
- Papel, bolpen at mga lokal na mapa (na may nauna nang natiyak na mga ruta ng biyahe)
 - Kung kinakailangan mong iwanan ang iyong sasakyan, tiyakin na mag-iwan ng isang nota o sulat na nagsasabi sa iba tungkol sa iyong mga plano sa pagbiyahe
- Cellphone charger at/o extra na baterya
- Mga antiseptikong mga maliliit na towalya, mga basurahan at plastik na pantali para sa personal na kalinisan

*Para sa isang listahan kung paano gumawa ng mas detalyadong personal na paghahanda na kit para sa iyong sasakyan, magpunta sa TakeWinterByStorm.org.



MAGHANDA PARA SA PAGMAMANEHO HABANG PANAHO NG WINTER (TAGLAMIG)



TAKE WINTER BY STORM

Pagmamaneho at Pagbiyahe habang Taglamig. Mahirap na nga magmaneho sa perpektong lagay ng panahon. Pero kapag tumama ang matinding masamang lagay ng panahon, mahalagang maging mas maingat.

- Kung inaasahan ang masamang lagay ng panahon, tingnan ang balita sa lagay ng panahon bago lumabas at ayusin ang iyong mga plano sa pagbiyahe kung maaari. Kung inaasahan ang masamang lagay ng panaho, ikonsiderang kanselahin ang iyong biyahe.
- Mag-ingat sa mga ludlod ng tubig, na maaaring maging sanhi ng pag-hydropleyn, at tandaan na ang mga tulay at overpass ay nauunang nagyeyelo, kaya't dumaan sa mga ito nang maingat at iwasan ang biglaang pagbago ng direksyon.
- Huwag gumamit ng mga high beam. Madalas ay nakokompromiso ang pagtanaw sa daan habang panahon ng taglamig. Sa umaga man o gabi, ang mga headlights ay dapat na nakabukas at naka-low beam.
- Buksan ang mga wiper. Halata naman, diba? Pero tiyakin na ang iyong mga wiper ay napapalitan tuwing anim hanggang labindalawang buwan para sa pinakamahusay na paggana.
- Huwag magmaneho sa malalim na baha o sa palibot ng mga karatula ng sinarahang daan - maaaring mas malalim ang tubig kaysa sa palagay mo. Ang pagmamaneho sa baha ay ang nangungunang dahilan ng mga kamatayan na may kaugnayan sa pagbaha. Ang pagbabaha ay maaaring magtago sa mga mapanganib na pinsala sa daan o mga nasirang linya ng kuryente. Sundin ang mga karatula na nagpapahiwatig ng pagsasara hangga't ang tubig ang bumaba at ang daan ay ligtas na nabuksan muli. Bumalik. Huwag malunod!
- Kung ang flash flood (biglaang pagbaha) ay naging sanhi ng pagtaas ng tubig sa palibot ng iyong kotse, iwanan ang sasakyan at magpunta sa mataas na lugar kung magagawa mo ito nang ligtas. Ikaw at ang sasakyan ay maaaring mabilis na maanod. Lalong mag-ingat kapag bumibiyahе sa gabi!
- Kapag may snow sa daan, huwag bumiyahе hangga't kailangan talaga. Ang pananatili sa bahay ay ililigtas ka at ang iba. Kung kailangan mong bumiyahе, tingnan ang mga lokal na pagsasara ng mga daan at subukan na imapa ang pinakaligtas at ruta na may pinakakaunting naganapan ng aksidente.
- Kapag bumibiyahе, magkaroon ng kaalaman sa mga peligrong sanhi ng pagyeyelo, lalo na sa mga may silong na daanan, mga tulay o sa mga matataas na lugar na madaling magyelo.
- Kung kailangan mong bumiyahе, manatili sa mga pangunahing daan at bumiyahе nang handa sa pamamagitan ng mga extra na makakapal na damit, kumot, maliit na pala, buhangin o hindi namumuo na (kalat), mga emerhensiya na mga flare, mga pantanggal ng yelo (de-ice) na materyal, mga kadena para sa gulong, at pangkakas ng yelo.
- Bago ka lumabas, gawing madaling makita ang daan sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang iyong mga bintana at salamin ay natanggalan ng yelo - panatilihing bukas ang AC para mapigilan na paglabo nito habang ikaw ay nagmamaneho.
- Kapag malakas ang hanging, mag-ingat. Mag-ingat sa mga lumilipad na basura o debris at maging higit na maingat kapag malapit sa mga trailer, van, o sasakyan na nagdadala ng magagaang na karga. Ang ilang mga sasakyan ay hindi dapat na imaneho. Pinakamainam na magmaneho ng trailer, van, o iba pang "high-profile" (mataas ang hugis) na sasakyan kapag malakas ang hanging.
- Habang nagmamaneho sa masamang panahon, bagalan ang pagmamaneho at pahintulutan ang mas malaking agwat. Mas matagal makapreno kapag basa o nagyeyelo ang mga daan, kaya't sa halip na manatili sa karaniwang 3-4 segundo sa likod ng susunod na kotse, bigyan ito ng 8-10. Ang malalaking truck ay mas matagal makapreno.
- Ang mga four at all-wheel drive na sasakyan ay hindi hihinto o mas mainam na nakaka-piloto sa mga nagyeyelong kondisyon kaysa sa mga two-wheel drive na mga sasakyan.
- Kapag nagmamaneho sa maramihang lane na daan habang may snow at nagyeyelo na mga kondisyon, manatili sa lane na pinakamalinis at iwasan ang hindi kinakailangang pagbabago ng lane. Tiyakin na gamitin ang mga signal ng direksyon kapag nagbabago ng mga lane para ipahiwatig ang iyong mga nilalayan na direksyon.
- Ang pagpipilota (pag-steer ng manibela) at pagpreno ay pinakamahirap sa mga may snow o nagyeyelong daan. Magpilota ng may maayos at maingat na paggalaw. Iwasan ang anumang biglaang pagpreno na maaaring maging sanhi ng kawalan mo ng kontrol sa sasakyan. Sa pamamagitan ng mga anti-lock na preno, gumamit ng hindi nagbabago at pirming presyon sa pedal. Kung kinakailangan mong magsagawa ng biglang pagliko upang maiwasan na mabangga ang isang bagay, parating pinakamainam na paikutin ang manibela palibot sa harang kaysa sa magpreno.
- Kung ikaw ay natigil sanhi ng snow, i-diretso ang iyong mga gulong at dahan-dahan na paandarin ang sasakyan para maiwasan ang pag-ikot ng mga gulong. Kung ligtas na lumabas ng kotse, gumamit ng mga flares para alertuhan ang iba pang mga kotse sa iyo at gumamit ng buhangin sa ilalim ng mga gulong o gamitin ang iyong pala para maglinis ng snow. Kung ang mga gulong ay patuloy na umiikot at hindi ka makaalis, huwag lumabas ng sasakyan. Buksan ang iyong emergency flashers at tumawag para humingi ng tulong.
- Kapag bumibiyahе sa matitinding kondisyon ng panahon sa taglamig at ikaw ay nakasalubong ng isang road maintenance (napapa-iral sa daan) na sasakyan, bagalan ang takbo at umalis sa daan para bigyan sila ng sapat na daan para malinis ang kalsada. Kung nasa likod ng isang road maintenance vehicle (napapa-iral sa daan), manatili sa likuran nito hanggang ligtas nang lampasan. Limitado ang kanilang nakikita kapag nagtatrabaho.
- Bagalan ang pagmamaneho at maging higit na maingat kapag malapit sa mga chain-up at tinatanggalan na lugar. Madalas ay may mga taong nasa labas ng kanilang sasakyan.
- Kung kinakailangang mong iwanan ang iyong kotse kapag may snowstorm (snow na bagyo), ilayo hangga't maaari ang iyong kotse mula sa daan upang maiwasan na maharang ang iba pang mga sasakyan at mga kagamitan sa pagtanggali ng snow.
- Kung kailangan mong lumabas sa iyong sasakyan sa tabi ng daan habang lumalala ang lagay ng panahon, gumamit ng mga reflector (pampaliwanang) tulad ng reflector tape o flashing lights (kumikislap na mga ilaw) para mas mainam na makita ng mga dumadaang sasakyan.
- Sa mga panahon ng yelo o snow, maaaring ibahin ang ruta, makansela, o mahuli ang serbisyo ng Transit. Alamin ang ruta ng iyong bus pero asahan na maaaring mahuli ang mga ito. Hanapin ang mga link ng schedule ng Transit kapag panahon ng winter at checklist ng Pampublikong Transportasyon sa pamamagitan ng TakeWinterByStorm.org.